

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH
HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO
JANUARY 11, 2022 (11:01 A.M. – 12:05 P.M.)

USEC. IGNACIO: Magandang umaga, Luzon, Visayas at Mindanao at sa atin pong mga kababayan saan mang panig ng mundo. Ako po si Usec. Rocky Ignacio ang inyo pong makakasama ngayong umaga upang talakayin po ang mga napapanahong isyu sa bansa [garbled] kontra COVID-19 para po sa mga batang nasa edad lima hanggang labindalawa ang atin pong pag-uusapan ngayong umaga; tatalakayin din po natin ang updates sa Omicron variant at ang bagong IHU variant ng COVID-19 pati na rin po ang situation dito po sa MRT-3. Simulan na po natin ang talakayan dito sa Public Briefing #LagingHandaPH.

Muli pong iginiit ni Senator Bong Go ang kahalagahan po ng pagbabakuna kontra COVID-19 dahil po sa patuloy na paglobo ng mga kaso sa bansa. Bukod dito, hinikayat din po ni Senator Go na samahan din ng disiplina at kooperasyon upang maiwasan po ang pagkalat ng virus. Panoorin po natin ang report na ito:

[VTR]

USEC. IGNACIO: At dahil po sa patuloy na pagdami po ng COVID-19 cases sa Pilipinas, umabot na sa critical risk ang antas ng hawahan ng virus sa bansa. Sa Talk to the People ni Pangulong Duterte kagabi, inulat ni Health Secretary Francisco Duque III ang malaking pagtaas po ng mga naitatalang datos hinggil sa COVID-19 transmission sa bansa. Lumalabas din na Omicron ang dominant strain ng virus sa Pilipinas. Sa kabila nito, pagtitiyak naman po ng DOH, iba't ibang hakbang na ang ginagawa ng pamahalaan para tugunan ang sitwasyon kabilang na po ang pagpapalawig pa ng bed capacity para sa COVID patients, at pinaigting na bakunahan sa bansa.

[VTR]

USEC. IGNACIO: At para po mas mapalawak pa ang COVID testing sa bansa, iniulat po ng Food and Drug Administration na malapit na ring magkaroon ng lehitimong self-administered home COVID-19 test kits sa bansa. Ayon po kay FDA Officer in Charge Dr. Oscar Gutierrez, dalawang product application na ang ini-evaluate ng kanilang ahensiya na mag-iendorso na rin sa Research Institute for Tropical Medicine or RITM para po sa technical validation. Kapag natapos na ito, ang RITM puwede na aniya magbigay ito ng special certification ng FDA.

Iniulat din po ng FDA na ginawaran na rin nila ng Compassionate Special Use Permit ang Bexovid na pandagdag sa mga gamot laban sa COVID-19 sa Pilipinas at generic version ng Paxlovid ng Pfizer.

[VTR]

USEC. IGNACIO: Samantala, kasabay po ng pagtaas ng bilang ng COVID-19 cases ay ang pagtaas din po ng bilang ng mga nagpupositibo sa mas nakakahawang Omicron variant. Alamin po natin ang iba't ibang mga impormasyong tungkol diyan sa bagong IHU variant, kasama po natin si Dr. Cynthia Saloma, ang Executive Director ng Philippine Genome Center. Good morning po, Doc.

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Good morning din, Usec.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, ilan na po iyong total Omicron cases sa bansa? Nadagdagan ba po doon sa nauna nating na-detect na 43 cases? Dr. Cynthia?

[TECHNICAL PROBLEM-COMMERCIAL BREAK]

USEC. IGNACIO: Nagbabalik po ang Public Briefing #LagingHandaPH. Atin pong balikan si Dr. Cynthia Saloma, ang Executive Director ng Philippine Genome Center. Good morning po, Doc.

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Good morning din naman po Usec. Rocky at sa ating mga tagapakinig.

USEC. IGNACIO: Opo. Ulitin ko na lang po 'yung tanong kanina: Ilan na po 'yung total Omicron cases sa bansa? Nadagdagan po ba ito doon sa nauna nating 43 cases, Doc Cynthia?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: So, Usec., iyong ating Omicron cases total 43 pa rin po – these are the 21 local cases at saka nanggaling po 'yung 22 sa international travellers and these were all collected between December 2 to 30. So today, ongoing po 'yung ating sequencing, it's a bigger run. Mas marami po tayong sinequence ngayong araw and hopefully before the end the week, mailabas na po natin and so that we can have a better picture po nitong January kung kamusta naman po 'yung situation sa bansa in terms of these COVID variants.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, doon sa 43, ilan po sa kanila 'yung active pa at ilan po 'yung naka-recover na?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: So sa data namin, Usec., for example itong ating 43 samples combined na natin iyong local at saka iyong foreign travellers, ang asymptomatic sa kanila 35 tapos kaunti lang naman iyong may symptoms – 7, and then the other are unknown. So iyong mga active samples I think, from the DOH data kaunti na lang talaga kasi fully recovered na rin naman sila.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, may tanong po mula kay Lei Alviz ng GMA-7: May mga indikasyon bang nagiging dominant na ang Omicron variant sa Pilipinas at ano daw po 'yung mga indikasyong ito?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: So in terms of genomic sequencing, Lei, ang data natin sa December marami pa rin 'yung Delta doon except that when we did purposive sampling ng mga ROFs natin at saka ng mga local samples with cluster sa National Capital Region, marami tayong

nakitang Omicron. Now itong January, we have to confirm that data with whole sequencing results ano, pero ‘yung indication kasi na talagang ang Omicron is nasa palibot na natin is really this very, very fast increase of cases na almost exponential, on every day we are just perplexed and shocked with the increase in number of cases and this is really very characteristic of Omicron as experienced also by other countries. So, Lei, malalaman pa natin ‘yan. We will have more sequencing data towards the end of this week.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, ilang sample daw po ‘yung nati-test ng Genome Center kada araw? I’m sure mataas na rin po ‘yung volume ng samples na dumarating sa inyo dahil po sa dami rin po ng nagpapa-test, Doc Cynthia?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Opo, Usec. Noong December naghirap po kami kasi kaunti lang ang nagpapadala sa atin ng samples kasi siyempre the cases were really low. Tapos nitong tumaas na naman mga cases, we have been encouraging laboratories to send to us samples. So in terms of sequencing capacity naman, Usec., so for the fast runs ‘no we were doing it with MiSeq run using the Illumina MiSeq machine we have so iyon mga 48. Pero today po iyong ating nira-run is good for 750, so we are sequencing between 500 to 700 today na mga samples po.

Tapos, Usec., gusto ko rin ipaalam sa inyo na ‘di ba we really tried to make to expand our genomic sequencing capacity to the region. So magandang balita po kasi dumating na po ‘yung ating mga machines doon sa Visayas at saka sa Mindanao and this week ini-install na sila at saka tini-test. Hopefully very, very soon sila po puwede na rin mag-sequence doon at ang capacity po nila, Usec., is about 350 per week. So ‘yung PGC po, hindi tayo nagsi-sequence everyday, so normally the process takes about a week or 3 days. Pero araw-araw po may nagpapadala sa amin ng mga samples, ini-extract po namin ang RNA at saka sabay-sabay po namin silang nira-run sa machines.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, may balita daw po ba kayo kung nasaan itong isang pasyenteng taga-Cagayan de Oro City na nagpositibo daw po sa Omicron variant pero hindi daw po umuuwi o nakakarating doon?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Sa data namin, Usec., wala naman kaming Cagayan de Oro sample na pasyente, lahat po ng nakuha namin are from the National Capital Region. Tapos kung ROFs naman po ay normally nasa quarantine facility naman sila so I don’t know really kung paano nila na-determine na Omicron siya at nawawala siya. Pero as far as the data, we have na 43 po, Usec., wala naman kaming taga-Cagayan de Oro City dito.

USEC. IGNACIO: Opo. Bukod rito, isa daw pong unvaccinated 40-year old seafarer mula po sa Kenya ang nagpositibo rin umano sa Omicron variant ng COVID-19. Kumusta po ‘yung kaniyang lagay at ano po ‘yung update sa kaniyang contact tracing lalo ‘yung kaniya pong mga nakasalamuha?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Okay. Usec., ‘di ba ito po ‘yung case na landed in Cebu ‘no? The person landed in Cebu at nag-quarantine din naman tapos landed in Iloilo and then in Iloilo nag-quarantine din naman siya. And then when he was tested, mababa po ‘yung kaniyang CT value kaya po pinadala dito sa atin. Based on the CT value eh he was included in the whole

genome sequencing result. So there is a big possibility, Usec., na kasi kung umalis iyon ng Kenya 12, tapos bumaba pala siya ng Kenya 12; tapos umalis siya ng Kenya 15, December 15; tapos by the time we sequence him December 27 na, Usec.

So there's also a possibility, Usec., na 'yung kaniyang sample, 'yung kaniyang case hindi talaga nanggaling sa Kenya but somewhere here. Kasi ang Omicron, ang signature po ng Omicron is the moment it is there, normally within 3 days makikita mo na 'yung positive; 3 to 6 days makikita mo na 'yung positive value at the same time masi-sequence siya. Pero itong case natin po na seafarer na nasa Iloilo ngayon at nanggaling Kenya, repeatedly he was tested many times – I think on the 19th he was also negative, on the 24th he was also negative. So the possibility is there, Usec., na puwede siyang locally acquired.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, may pahabol lang pong tanong si Maricel Halili ng TV-5: Clarification lang daw, sinabi po daw kasi ni Secretary Duque last night na dominant na ang Omicron. If we need to wait for more result of genomic sequencing, ano daw po ang basehan ng DOH for saying na 60% of samples ay Omicron na?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Oo, Usec., siguro 'yung sinabi sa atin ni Secretary should interpreted in context. It was really based on the last sequencing run. But based on our data, Usec., marami pa ring Delta nitong December; hindi naman din lahat Omicron. But in the last sequencing run, because we really try to focus on the ROFs at saka iyong National Capital Region where we experienced cases at saka iyong low CT value, nakita natin na marami tayong nailabas na Omicron results. Whether this is reflected of the fact that Omicron is already dominant in the country, we need to have further evidence po. So iyon, Usec., ang ating DOH po gumagawa ng sampling sa different hospitals and institutions around the country so that malaman talaga natin iyong situation.

So I would like to repeat na iyong ating whole genome sequencing data, iyong sinabi sa atin ni Secretary was primarily based on the 48 samples. I think for further conclusion, we need to get more samples from our cases so that we can have a better handle on the situation and kung talagang ang Omicron na ba ay talagang nag-overtake na sa Delta. Kasi marami pa rin kasi tayong nakita na Delta noong December po, Usec.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc Cynthia, may ilang bagong variant po ng COVID-19 ang talagang nagiging maingay ngayon ano po – itong IHU variant at Deltacron. Tanong din po ito ni Lei Alviz ng GMA-7: Sa ngayon ay anong datos o impormasyon po daw mayroon tayo tungkol sa mga ito?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Okay. So, Lei, itong LHU or IHU was really named by the laboratory kung saan ito na-sequence and they noticed kasi na may marami siyang mutations at saka iyong mga pasyente may travel history sa Cameroon. So actually the first case I think was detected in October and by November the WHO binabantayan na rin itong sample na ito – 'yung B.1.1.540.2 – tapos parang hindi naman siya dumami but of course we are on the watch out.

So as far as our data is concerned, dito po sa Pilipinas wala naman tayong na-detect na ganoon at saka even sa world database nitong JHU-CSSE, kaunti lang naman po ang naipasok. So just

because we have detected a variant or a laboratory has detected a variant with a lot of mutations, it does not necessarily translate na magiging transmissible siya or magiging severe siya. So we really have to see the clinical picture at saka the epidemiologic picture. So iyong IHU, hindi nga siya variant of interest or variant of concern eh pero binabantayan po siya at so far hindi naman masyadong nag-spread. Very limited cases lang sa France ano – 19, mga ganoon lang ang cases.

Tapos iyong isa naman, iyong iba namang mga variants na sinasabi nila, the entire world community binabantayan po natin ‘yung mga bagong variants na lumalabas at saka kung ano ang mga mutation signatures nila, so we are all looking into this. Pero so far, Lei, ang pinaka-on the watch out talaga natin is really this Omicron variant.

USEC. IGNACIO: Opo. May follow up lang po diyan na tanong si Red Mendoza ng Manila Times: Ano naman daw po iyong assurance po na bagong report na variant na Deltacron at IHU variant ay hindi na maaring makapanghawa at mag-spread pa sa buong mundo?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: So, Red, of course we cannot absolutely be certain na hindi siya pupunta sa atin. But so far, in the indications are that IHU variants seems to be localized in France and in fact even in France, it’s not really expanding so much; pero iba pa iyong mga sinasabi nilang Demicron, etcetera, etcetera.

You know, virus is obvious mutating and it’s always evolving. So, so far now, the most evolved variant of SARS-COV 2 that we have is this Omicron variant with so many mutations. So paano natin ma-secure na hindi tayo mapupunta sa atin. As much as possible, of course is strengthen our border controls and at the same time, individually and collectively, it’s very, very important po na magpa-vaccine tayo at saka mag-protect tayo against all these variants.

USEC. IGNACIO: Opo. Dagdag na tanong po ni Red Mendoza ng Manila Times: Ano po ang inyong masasabi daw sa claim ng Omicron na isang natural vaccine na maaaring makapuksa sa Delta, Alpha, Gamma at Beta variant at ang claim na ang Omicron ay ang huling variant ng COVID na maaari daw pong magsimula ng pagiging endemic nito?

Isunod ko na rin po iyong katanungan ni Mark Fetalco ng PTV News: Sa datos po PGC, mas dumami po ba po ngayon ang mga sample na kinakailangang i-proseso dahil sa pagtaas ng COVID cases. Sapat daw po ba iyong stock ng Genome sequencing ng PGC natin para sa genome sequencing, Doc. Cynthia?

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Okay, ang daming tanong, USec. Isahin muna natin iyong endemicity na di ba marami ang nagsasabi, some research or some scientist on epidemiologist or some infectious disease specialist, iyong iba nagsasabi na baka siya iyong parang accumulated vaccine, itong Omicron that could protect us from other cases.

So number one, wala po talaga nakakaalam kung ito na iyong last, I don’t think, it’s going to be the last variant, kasi virus keeps on mutating. Now, only indication seem to suggest that iyong ating symptomatology, iyong mga symptoms nitong Omicron is much gentler, less severe than other variants particularly Delta.

Now whether or not it's going to be like a vaccine, that remains to be seen. Gusto ko lang talaga i-emphasize din, Usec, na mayroon pong isang aspect that we have not put into the equation, this is the possibility of long COVID. So, very, very important that as much as possible, if we can help it na hindi tayo ma-infect, kasi hindi natin talaga maintindihan pa o malaman pa kung sino sa mga pasyenteng nag-positive, even with mild or asymptomatic kung magdi-develop ng long COVID; because that is also a possibility.

So whether it is going to be a natural vaccine or not that remains to be seen, there is really positive information on that matter. So, in the meantime, it's very, very important that we be very, very prudent and that we protect ourselves in getting infected.

Now, regarding naman sa question about sa staff, just like in many other facilities around the country and hospitals around the country, we are also facing challenges nitong Omicron, kasi, it's really, really very transmissible, so we also have staff, even our building and even our university na nag-positive—at this time nga, ang aming infirmary sa University of the Philippines in Diliman ay naka-lockdown po just to allow our personnel to get quarantined and to also get tested and then to rest.

Sa PGC naman po, so far mayroon na naman po tayong pangilang-ngilang naging positive na mga staff, pero we still have sufficient staff to continue our whole genome sequencing analysis as well as the RT-PCR testing. Pero totoo po iyan, Usec, compared to before in the early December mas dumami po iyong samples at tumaas po talaga iyong positivity rate.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc. Cynthia maraming salamat po sa inyong panahon at impormasyon. Muli pong nakausap natin si Dr. Cynthia Saloma ang Executive Director ng Philippine Genome Center. Mabuhay po kayo and stay safe po, Doc. Cynthia.

PGC EXEC. DIR. DR. SALOMA: Stay safe din po kayo at maraming salamat po.

USEC. IGNACIO: Sa gitna po ng pandemya ay patuloy pa ring bumabangon mula sa Bagyong Odette ang mga kababayan nating lubhang nasalanta nito at sa tulong ng Philippine Red Cross or PRC ay nabibigyan natin ng gabay at pag-alalay ang ating mga kababayan upang tuluyan silang makaahon. At para po ibahagi sa atin ang iba pang hakbangin ng Philippine Red Cross, makakasama po natin si Senator Richard Gordon and Chairperson at Chief Executive Officer ng Philippine Red Cross. Magandang umaga po, Senator!

SEN. GORDON: Hello, USec. Rocky, good morning!

USEC. IGNACIO: Senator, anu-ano po iyong mga assistance o tulong na naisagawa po ng Philippine Red Cross sa mga biktima po ng Typhoon Odette. Kayo daw po ay nagtungo sa Surigao, Siargao, Dinagat Island at Cebu noong nakaraang linggo, Senator?

SEN. GORDON: Hindi importante iyong pagpunta ko sa Cebu, sa Siargao. Ang importante, December 17 pa lang, noong tumama na iyong bagyo, nakakasa na iyong Red Cross at nagpadala na kami ng mga lifeline [unclear], iyong tinatawag nating kung walang kuryente, may generator, kung walang tubig, nagdala tayo ng mga water tankers, ang nakalagay doon ngayon ang mga

water tankers, nagkalat sa ilang probinsya iyan. May tatlo sa Bohol, may tatlo sa Cebu, may tatlo sa Surigao at Siargao. Mayroon sa Dinagat at sa Palawan, mayroon ring pinadalang mga water tanker trucks doon para mapawi ang uhaw at walang malinis na tubig, kaya nagkakaroon ng diarrhea, halimbawa sa Surigao, Siargao nagkaroon ng diarrhea.

Tapos nagpadala rin tayo ng mga hot meals on wheels, mga pagkain, para may makain ang mga tao at iyon ay nakakalat doon sa lahat ng tinamaan ng bagyo doon. We have sent siguro about 15 of those para makakakain kaagad ang mga tao doon at pagkatapos ay nagpadala tayo ng mga gamit katulad ng pay loader para makapasok tayo doon sa mga nakaharang at saka Southern Leyte malawak na natahak at ganoon rin doon sa Cebu at ganoon rin sa Surigao, Siargao. May isang larawan diyan talagang Red Cross pay loaders, para makapasok kami eh kailangan talaga nauuna ang mga iyan.

Bukod diyan noong nagpunta ako doon, nakapagbigay na rin sila ng pagkain, nakapagbigay na sila ng mga tarpaulins at ngayon noong hindi kami makapasok sa Bohol, dalawang beses kaming nagtangka. Noong una kasama si Australian Ambassador, pero noong pangalawa, hindi na siya nakasama, dahil na-postpone iyong unang araw, ang pinasama niya ay ang Number 3 ng Embassy ng Australia at ang American Red Cross kasama namin doon para makita namin, para makapag-appeal pa kami na kailangan talaga ng tulong ang ating mga kababayan.

At bagama't hindi kami nakapasok sa Bohol, nakapagbigay ng pera ng halos humigit kumulang na P3 million at nakapagbigay na ng mga yero at dadami pa iyong mga yero na dadalhin doon at sa mga darating na panahon madadagdagan pa iyong mga yero, dahil nag-order kami for 200,000 na yero.

Bago kami nagpunta diyan, nag-appeal muna tayo sa buong mundo, sa mga International Red Cross Societies. So far, ang nakuha natin siguro ngayon sa lahat-lahat ng appeal, mga P300 million na. At iyan ay naglagay na tayo ng 30-bed hospital doon sa Siargao, sapagkat nasira iyong kanilang ospital at iyan nakikita ninyo, may mga may diarrhea, may mga bata, nagdala din tayo ng gamot para mabigyan ang mga bata doon ng tulong at iyan iyong mga humanitarian caravan na dinadala doon, pati tubig mayroon doon at pagkain tuluy-tuloy habang nagbibigay.

Noong nagpunta ako diyan, medyo ayan na ang ayos ng pagkain, nakapila sa labas ang tao, hindi papasok basta-basta kung walang beneficiary card. Kapag nakapasok na sila, babae muna at saka matanda ang inuuna at hindi kami nag-aabot dahil sa mataas na kamay para sa mababang kamay, kinukuha na lang nila at ganoon nga sa mga ospital, ang sabi ko nagkaroon tayo ng mga tent at para mag-abot at ngayon nagbibigay na tayo ng mga gamit.

Nakita ninyo halos hindi mabuhat, iyan iyong mga yero sa Bohol, may kasamang shelter kit iyan, may martilyo, may lagari, may pako, kumpleto lahat iyan. At ang mahalaga talaga ay iyong pagbibigay ng tubig, sapagkat marami ang hindi makapagluto dahil walang malinis na tubig. At iyan ang mga nakikita natin, habang inuuwi, may katulong pang volunteer iyan para mag-abot. 'Ayan, iyang crane na ginamit natin sa may tulay ng Talisay, iyan iyong satellite communication natin para maka-contact sa Siargao.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po Senator Richard Gordon.

Samantala, muling namahagi ng mga ayuda ang tanggapan ni Senator Christopher Bong Go, ang ilang ahensiya ng pamahalaan para sa mga kababayan nating lubos na naapektuhan ng naganap na pandemya. Taos-pusong pasasalamat naman ang ipinaabot ng mga nabahaginan ng tulong, narito po ang report:

[NEWS REPORT]

USEC. IGNACIO: Dobleng pag-iingat po ang dapat natin ituon sa mga bata lalo na ngayong patuloy pa rin po ang dumarami ang nagpositibo sa COVID-19 at para alamin kung paano nga ba ang tamang home care para sa kanila. Makakasama natin ngayong umaga si Doctor Anna Lisa Ong-Lim, isa pong Pediatric Infection Disease experts. Magandang umaga po Doc.

Doc. Anna, naka-mute po yata kayo Doc. Anna. Opo. Doc. Anna, naririnig na ninyo po ako? Babalikan po natin si Doc. Anna para po sa home care para po dito sa mga bata. Doc. Anna, good morning.

DR. ONG-LIM: Good morning USec., can you hear me?

USEC. IGNACIO: Opo. Naririnig ko na kayo. Sa kasalukuyan po ay may datos ba tayong sa mga nasa edad 5 hanggang 12 iyong nagpositibo po sa COVID-19, Doc. Anna?

DR. ONG-LIM: Marami po tayong nakukuhang mga tawag galing sa mga pasyente at mayroon din mga naa-admit sa mga hospital. Although we expect na iyong numbers na we are getting will be reduced dahil nga marami sa kanila ay part of clusters. So, maaring hindi na sila nati-test pero iyong mga magulang nila o mga kasama sa bahay ang nagpa-positive.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, same process po ba sa mga matatanda iyong quarantine protocols na dapat nilang sundin o may [garbled] na kailangan para sa kanila?

DR. ONG-LIM: Pareho naman USec. Kasi, ang paraan ng pagkakahawa ng bata at matanda ay magkakatulad. So, once we identify a person who is showing symptoms sa isang tahanan kailangan pa rin natin i-emphasize na mag-isolate na kaagad whether this is child or an adult para hindi na siya makapanghawa ng iba pang tao sa bahay or sa community.

USEC. IGNACIO: Doc. Anna, ito ang palaging tinatanong din sa akin ano: Applicable po ba sa mga edad 5 hanggang 12 itong home quarantine?

DR. ONG-LIM: Sa ngayon kasi dahil napakabilis ng pagkalat ng mga kaso, isa na sa mga ini-explore na option for communities ay iyong home quarantine and isolation. So, kahit naman dati hindi po natin tinatanggap sa TTMFs ang mga individuals below the age of 18 dahil nga siyempre gusto natin nasa pangangalaga sila ng kanilang mga magulang. So, minors are usually managed at home at binibigyan ng supportive care, gamot para sa lagnat, ubo't sipon at proper hydration.

USEC. IGNACIO: Doc. Anna, ayon sa pag-aaral ang mga bata daw po na nagpositibo sa COVID-19 ay may increase risk na para sa diabetes. Gaano daw po ito katotoo?

DR. ONG-LIM: Bago iyang pag-aaral ano, USec. Rocky, na mukhang napansin ng ibang scientist sa ibang bansa na medyo dumadalas iyong insidente ng post COVID na mga complication kasama na iyong diabetes. Actually, may pangilan-ngilan din tayong mga pasyente na nama-manage dito sa Pilipinas na ganoon din ang presentation. Iyong tinatawag na diabetic ketoacidosis and very severe diabetes [garbled] and then eventually we will find out COVID positive pala sila.

USEC. IGNACIO: Okay, opo. Pero, bukod daw po sa Taguig, Pateros at Manila, anu-ano pa pong mga LGU ang open na rin po para doon sa pre-registration, dito naman po tayo sa COVID vaccination ng 5 to 12 years old Doc. Anna.

DR. ONG-LIM: Sa ngayon USec. Rocky, mayroon tayong formulation na specific para sa 5 to 12 years old. Iba kasi na tipo ng bakuna ang ginagamit sa ganoong age group. So, ang ginagawa ng mga LGU ay nagpapalista po sila para hopefully pag dumating ang mga bakuna ready na po iyong kanilang population na bibigyan ng available doses.

USEC. IGNACIO: Opo. Doc, may katanungan lang po iyong isa nating kababayan, pakinggan lang po natin Doc: “Ano po ba ang posibleng mga side effect ng mga bakuna kontra COVID-19 sa mga batang nasa 5 to 11 years old, katulad po ba ito ng mga matatanda?”

DR. ONG-LIM: So magandang tanong iyan, USec. Rocky—

USEC. IGNACIO: Doc. Anna, narinig ninyo po ba iyong tanong ng ating isang magulang?

DR. ONG-LIM: Magandang tanong, USec. Rocky, and ang nakikita naman sa mga pag-aaral sa ngayon ay kung ano iyong mga adverse reaction na mayroon sa mga matatanda ay siya rin nakikita sa mga bata.

USEC. IGNACIO: Opo. May isa pa rin pong katanungan iyong ating kababayan, pakinggan po natin ito Doc. Anna: “May lagnat po ang aking 7 taon gulang na anak ng isang araw at nawala rin kaagad. Kailangan ko pa po ba siyang ipatingin sa Doctor or ipa-swab test?”

DR. ONG-LIM: Iyon mga minor symptoms na nakikita natin sa mga bata, actually mahirap tukuyin kung iyan ay COVID o hindi. So, pinakamaganda pa rin magkaroon tayo ng tele-consult o kaya ng konsulta sa doctor para ma-evaluate kung iyan ba ay puwede ng ipagpahinga na lang or kailangan pang mag-work up para malaman kung ito nga ba ay COVID or iba pang sakit.

Uulitin ko lang siguro na karamihan talaga na nakikita sa bata ay iyong mild symptoms. So, medyo mahirap minsan tukuyin kung COVID na siya o hindi unless ma-test natin or malaman natin na part siya ng isang household cluster kasama ng iba pang tao sa bahay sabay-sabay silang nagkasintomas. So, that makes it more probable na COVID na mayroon iyong bata.

USEC. IGNACIO: Opo. Isunod ko na lang din po ang tanong naman ni Red Mendoza ng Manila Times: Ano po ang dapat paghandaan ng mga magulang ngayong malapit nang simulan ang bakuna sa mga 5 to 11 years old? Sa tingin ninyo po ba dapat mauna ang mga batang may comorbidity bago po ang mga batang healthy?

DR. ONG-LIM: Iyon din naman ang strategy na ginamit natin, Usec., noong nagsimula iyong vaccination ng 12 to 17 – inuna muna iyong may mga comorbidities para mabigyan na sila kaagad ng proteksiyon saka lang isinunod ang normal 12 to 17. So that's a possible scenario na gagawin din natin doon sa 5 to 11 pero hindi pa actually napag-uusapan iyong detalyeng iyan. And I think kung sapat naman ang supply natin, puwede namang isipin na gawin na lang sabay-sabay kasi nga naghahabol din po tayong oras.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong pa rin po ni Red Mendoza ng Manila Times: Ano naman daw po iyong assurance na ang mga nag-positive na naging asymptomatic na maging mababa ang kanilang viral load at hindi na po sila [garbled]? Ito po kasi 'yung kini-claim ng mga health worker na delikado po dahil sa posibilidad ng long COVID sa kanila.

DR. ONG-LIM: I'm sorry, I didn't catch the question. Siguro 'yung punto na kapag ikaw ay nagkasakit 'no, mahirap talagang masabi na hindi ka magkakaroon ng komplikasyon. So kaya nga ang istrategiya talaga natin is umiwas sa pagkakahawa in the first place kung puwede, kasi we can never predict kung sino sa mga tinamaan na magkakaroon ng komplikasyon including long COVID. So I think iniri-relate yata doon sa pagpapaiksi ng quarantine or isolation period, am I right, Usec. Rocky? Iyon po ba ang tanong? I'm sorry, I didn't quite catch the thread.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong limang araw daw po para sa ating mga health care workers.

DR. ONG-LIM: So kung saka-sakaling paigsiin ang quarantine period ay makaka-predispose to long COVID? Is that the question?

USEC. IGNACIO: Kung mas nakakahawa daw po.

DR. ONG-LIM: Ah, okay. So iyong pagpapaigsi ng quarantine and isolation period, nakabase naman iyan sa mga pag-aaral na in the same way na mabilis makapanghawa ang Omicron ay mas mabilis din bumababa ang viral load. So isa na rin po 'yun doon sa pinagbasehan noong pagbaba noong isolation and quarantine period. Pero I think we need to realize na kahit pinaiksi na iyong period na iyon, niri-require pa rin na ipagpatuloy ang pagsusuot ng mask habang tinatapos iyong remaining period ng isolation and quarantine. So nandudoon pa rin iyong safeguard natin para makaiwas sa panghahawa.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po Cleizl Pardia ng PTV: May hazard po ba o risk sa tao ang paggamit ng mga hindi approved self-administered test kit lalo na iyong kinakailangang ipasok sa ilong at gaano po kalaki ang chance na false positive sa unregistered test kits at ano po ang maipapayo ninyo sa mga nakabili ng ganitong test kits?

DR. ONG-LIM: Ang pinakakailangan bantayan, Usec, really is the possibility of false negatives kasi nga iyong sensitivity ng isang test kit ay nakabase doon sa galing niya kung papaano niya mahuli iyong dami ng virus na bitbit ng isang tao habang may sakit siya. Kung nakita na ng test kit iyong virus, malamang maganda ang accuracy in terms of determining na iyon na talaga ang sakit noong pasyente. So kung positive, mas kapani-paniwala kaysa negative.

So, ano ang danger? Puwede tayong magkaroon ng false sense of security, akala natin ay negatibo tayo, iyon pala eh tayo ay nagkakalat na ng virus. Tapos siyempre kapag [garbled] iyon, 'di siyempre may chance na makapanghawa tayo. Kaya din sinasabi natin na dapat talaga tukoy doon sa paraan ng pagti-test iyong kit na ginagamit kasi iyong accuracy ng isang kit will depend on how it was designed for the specimen that he used.

So dapat talaga mag-ingat na tamang specimen, tamang proseso, tamang tao 'no – iyong may sintomas or kaya close contact sa tamang panahon. Hindi lang basta-basta ginagawa iyong test.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman po ni Jason Rubrico ng SMNI News: Ano pa ang puwedeng gawin ng mga Pilipino para maiwasan ang pagkahawa sa COVID-19?

DR. ONG-LIM: Okay. Napakagandang tanong, Usec. Rocky. Marami pa rin tayong puwedeng gawin para makatulong sa pag-iwas nang pagkalat ng sakit. Unang-una, dapat maalala nating lahat na kapag may naramdaman kahit bahagyang sintomas lang at kahit hindi tayo sigurado, the first thing to do is to isolate. Bumukod na po para hindi na po tayo makapanghawa ng iba pang tao. Ito naman ay standard recommendation ng any infectious disease kasi ayaw nating makapanghawa kung mayroon tayong mikrobyong bitbit.

Pangalawa, magpa-test kung maaari or accessible. At kung hindi naman, ipagpatuloy ang pagbubukod at maghanap ng paraan para makapag-teleconsult o kaya makipag-ugnayan sa ating mga BHERTs para tayo ay mabigyan ng abiso kung ang ating naramdaman ay tugma talaga sa COVID dahil titingnan kung tayo ba ay part of a cluster, may kumakalat bang mga ganoong sakit sa ating community at iyong information na iyon ang gagamitin para matukoy kung tayo ba ay likely to be COVID or something else.

Ngayon kung tayo naman ay close contact 'no, tayo rin ay dapat maging maingat sa ating interactions. Huwag na po tayong maging source nang panghahawa ng iba at tayo ay mag-quarantine na rin. So iyong buong household dahil mabilis ang pagkalat, mag-ingat po sa interaction sa iba. And habang tayo ay may sakit, ang puwede namang gamiting mga gamot ay ang usual nating gamot para sa lagnat, ubo't sipon at ipagpahinga nang maayos kasi most the time itong mga sintomas na ito ay lilipas din within a couple of days.

USEC. IGNACIO: Opo. Last question na lang po, Doc Anna, pasensiya nap o. Tanong po ni Joseph Morong ng GMA News: How does [garbled] disinfect the home?

DR. ONG-LIM: Ang mikrobyo naman ay hindi masyadong nagtatagal nang husto doon sa mga surfaces ng ating paligid. Kung saka-sakali at gusto natin na doble ingat, the usual home disinfectants can be used 'no – soap and water will help or using bleaching agents for surfaces that [garbled] to be in contact with bleaching agents puwede na po 'no. Tatlong tablespoons sa isang litro ng water should be enough. Typically that you [garbled] freshly para hindi sumisingaw nang matagal at mawalan ng bisa.

USEC. IGNACIO: Okay. Doc Anna, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa min ngayong umaga, Pediatric Infectious Disease Expert Dr. Anna Lisa Ong-Lim. Mabuhay po kayo and salamat daw po sabi po ng dalawang nanay.

DR. ONG-LIM: Thank you po.

USEC. IGNACIO: Kabi-kabilang sektor ang patuloy na naapektuhan ng lumulobong kaso ng mga nagpupositibo sa COVID-19 sa bansa. Isa na nga po dito ang Metro Rail Transit-3 o MRT-3 kung saan halos isandaang personnel nito ay kamakailan nagpositibo sa virus. Ibabahagi po sa atin ang detalye niyan, makakausap po natin si MRT 3 Director for Operations Michael Capati. Magandang araw po, Director.

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: [Off mic] Usec. Rocky at sa mga nakikinig po.

USEC. IGNACIO: Opo. Director, kumusta iyong mga nagpositibo ninyong empleyado? Hindi naman po ba nadagdagan ang bilang ng mga ito?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: As of yesterday po, Usec. Rocky, mayroon tayong 147 na empleyado ng MRT-3 na nagpositibo sa RT-PCR and lahat naman po diyan ay naka-isolate na at naka-home quarantine po lahat.

USEC. IGNACIO: Opo. Pero kumusta naman po ang pagpapatupad ng 70% train capacity ng MTR-3? Ito po ba ay naipapatupad nang maayos, Sir?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Yes, Usec. Rocky. Tuluy-tuloy naman po iyong 70% train capacity natin. In fact sa experience namin ngayon, medyo bumababa iyong ating mga ridership ano and ang health protocols naman po natin are fully implemented po.

USEC. IGNACIO: Opo. Director, ngayon po ang simula ng random antigen testing sa mga pasahero ng MRT-3. Kumusta po ito? Ano po ang initial assessment?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Tama po kayo ‘no, sa tagubilin ni Secretary Tugade ‘no, nag-start po tayo ng voluntary passenger antigen test ano. And iyong peak hour natin sa umaga, we generated 48 samples po ano, volunteer – 42 po ang negative at anim po ang nag-positive.

USEC. IGNACIO: Opo. Papaano po kapag may nag-positive? Ano po ang assistance na ibinibigay ng MRT-3?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Ang ginagawa po natin diyan ay pinapayuhan natin sila ng options nila at sinasabi natin na mag-isolate sila, mag-report po sa LGU nila and also option for possible confirmatory test sa RT-PCR.

USEC. IGNACIO: Opo. Director, ano naman daw po ang masasabi ninyo sa isang viral photo na umano’y panawagan sa train stations kagaya po ng MRT-3 na gawin daw pong accessible at friendly para sa mga PWD? Anu-anong aksiyon na po ba ang ginagawa ninyo para po tugunan iyong panawagan na ito?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Ang MRT-3 po ay PWD-friendly po tayo ‘no. We have access po sa iba’t ibang pangangailangan nila – escalator, elevator, iyong mga leeway po nila at compliant po tayo diyan.

USEC. IGNACIO: Opo. May tanong po sa inyo si [Jason] Rubrico ng SMNI News: Ngayong nasa Alert Level 3 na po ang NCR at nag-iingat ang mga tao, medyo bumababa po ba ang bilang ng mga sumasakay sa mga tren ngayon at ilan po ang mga naitatala ninyo [since] na nagpatupad daw po ng Alert Level 3?

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Tama po kayo ‘no, magandang obserbasyon po iyan. Medyo bumaba po ang ating ridership ‘no – dati nag-a-average na tayo ng 200,000 plus; ang highest natin is 223,000. Ngayon po uma-average lang tayo ng 140,000 ‘no. So siguro iyan na rin iyong epekto ng pag-a-isolate noong mga iba at nag-iingat na ring lumabas kung hindi rin lang naman importante ang kanilang pupuntahan.

USEC. IGNACIO: Opo. Director, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin at sa inyong mga pahayag, MRT-3 Director for Operations Michael Capati. Mabuhay po kayo and stay safe po, Director.

MRT-3 DIRECTOR FOR OPNS CAPATI: Okay. Salamat din po, Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Samantala, tiniyak po ni Senator Christopher ‘Bong’ Go na natutugunan ng pamahalaan ang kapakanan ng mga health care workers sa bansa. Aniya, dapat ay mabigyan sila ng suporta dahil sila ang mga sundalo sa laban ng bansa ngayong pandemya. Narito po ang report:

[VTR]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po sa ating mga partner-agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP). Maraming salamat din po sa inyong walang-sawang pagtutok sa ating programa. Sama-sama muli nating alamin bukas ito pong maiinit na usapin sa bansa.

Muli, ako po ang inyong lingkod, Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

###

--

News and Information Bureau-Data Processing Center